## Anong mga Tanong ang Dapat Kong itanong sa Tagapagbigay ng Serbisyo?

Aming inirerekomendang ipasagot ang lahat ng mga katanungan na nakasulat nang malinaw sa oras ng serbisyo na may pirma at petsa ng tagapagbigay ng serbisyo.

### Saan ang Pagbabara?

Kung ang iyong linya ay sineserbisyuhan ng isang tagapagbigay ng serbisyo, ipasulat sa kanila ang espisipikong sukat sa tampakan kung saan natagpuan ang pagbabara, o kung saan ito sa palagay nila. Gayun din ay pamarkahan ang mismong lugar sa lupa sa tagapagbigay ng serbisyo. Ang impormasyong ito ay nakakatulong upang matukoy kung ang problema ay nasa loob ng lugar ng responsibilidad ng Lungsod (tingnan ang loob ng polyeto para sa drawing). Makatutulong din kung ang tubo ay kailangang hukayin upang ayusin.

### Ano ang Nagdudulot ng Problema?

Ipasulat sa tagapagbigay ng serbisyo kung ano ang posibleng dahilan ng pagbabara. Ang pagtukoy sa uri ng pagbabara ay nakakatulong sa pagdetermina kung anong paraan ang dapat gamitin para buksan ito, gayundin ang pagdetermina kung kailangan ng regular na pagpapanatili ng iyong gilid ng imburnal para maiwasan ang karagdagang pagbara o mga kaugnay na problema.

### Dapat bang pagamitin ko ang Tagapagbigay ng Serbisyo ng TV Camera para Makita ang Pagbabara sa Linya ng Serbisyo?

Sa pangkalahatan, ito ay hindi isang epektibong paraan ng pagdetermina kung ano ang pagbabara sa iyong linya ng serbisyo. Ang mga TV camera ay karaniwang hindi nakakakita sa ilalim ng tubig, kaya kung ang isang linya ng serbisyo ay barado at hindi umaagos, hindi ito makakakita sa loob ng iyong mga tubo. Ang mga pag-inspeksyon ng camera ay pinakakapaki-pakinabang pagkatapos maalis ang pagkakabara upang madetermina ang kasalukuyang kondisyon ng iyong mga tubo at kung saan maaaring magkaroon ng mga problema sa hinaharap.

### Maaari Bang Ako Mismo ang Magkukumpuni?

**Pag-aalis ng Bara ng Linya:** Ang iba't ibang mga kagamitan at produkto ay matatagpuan sa iyong lokal na home improvement store. Mayroong mga portable na rooter machine sa maraming rental na kompanya. Kakailanganin mong sukatin ang distansya sa pagitan ng iyong gilid-ng-imburnal at ng pangunahing linya ng Lungsod upang madetermina kung gaano kalaki ang makina na rerentahan.

Mas marami pa tungkol sa "_Maaari Bang Ako Mismo ang Magkukumpuni ", sa loob ng polyetong na ito...

Pag-troubleshoot sa iyong

# Problema sa Imburnal

### Kapaki-pakinabang na mga Pahiwatig

### Pamamahala ng Wastewater ng Lungsod ng Tacoma

Ang Lungsod ng Tacoma ay nagpapanatili ng higit sa 700 milya ng mga linya ng imburnal. Mayroong mga tauhan ng wastewater 24 oras sa isang araw upang tumugon sa mga problema sa imburnal at bagyo sa mga linya at serbisyo ng Lungsod.

Gayunpaman, karamihan sa mga problemang ito na kinakaharap ng mga may-ari ng bahay ay matatagpuan sa linya ng imburnal na nag-uugnay sa kanilang bahay sa pangunahing linya ng Lungsod.

Ang pribadong linyang ito (karaniwang tinutukoy bilang isang "gilid ng imburnal" o isang "lateral ng imburnal") ay ang lugar ng responsibilidad ng may-ari ng bahay.

Ang fact sheet na ito ay naglalayon upang matulungan kang matuklasan kung nasaan ang problema sa iyong serbisyo sa imburnal at kung paano malutas sa lalong madaling panahon. Misyon ng Lungsod na magbigay sa mga kustomer ng isang mahusay, sulit na halaga at propesyonal na pinapanatili na sistema ng pagkolekta ng tubig na sanitaryo at tubig ulan.

### Tawagan ang Lungsod kung…

Tawagan ang Lungsod kaagad kung ang dumi sa imburnal ay lumalabas sa loob ng iyong tahanan kapag hindi mo ginagamit ang tubig. Ang mga tauhan ng wastewater ay susuriin ang sistema ng imburnal ng Lungsod na nagsisilbi sa iyong lugar at magpapadala ng tauhan ng maintenance kung kinakailangan. Aabisuhan ka ng tauhan sa mga resulta sa lalong madaling panahon. Ang mga tauhan sa maintenance ng wastewater ay responsable sa pagpapanatili ng mga pangunahing linya ng imburnal ng Lungsod, hanggang sa ibaba ng "top-bend" ng gilid ng imburnal, ngunit hindi ang gilid ng imburnal mismo.



*Ang mga ugat ng puno ay isang karaniwang sanhi ng mga baradong linya ng gilid ng imburnal. Ang mga ugat ay madaling tumagos sa mga tubo sa pamamagitan ng mga bitak, mga depekto at mga pinagdugtong na koneksyon.*

*Ang mga modernong linya ng gilid-ng-imburnal ay gawa sa matibay, plastik na di-pinapasok ng tubig at kaya ay mas tumatagal.*

**Lungsod ng Tacoma – Mga Serbisyong Pangkapaligiran**

Dibisyon ng Operasyon at Maintenance ng Transmisyon
Mga Oras ng Opisina: 7:00 nu – 3:30 nh
253-591-5585 (Mayroong serbisyo ng telepono 24 oras)

CITY OF Tacoma
STORMWATER SOLIDWASTE WASTEWATER
ENVIRONMENTAL SERVICES DEPARTMENT

Operasyon at Maintenance

# Transmisyon ng Imburnal

Sistema ng


Wastewater & Surface Water

24 oras / 7 araw kada Linggo

## 253-591-5585

Tauhan:_______________________

Oras:________Petsa:__________




## Maaari Bang Ako Mismo ang Magkukumpuni?

(Pagpapatuloy…)

### Pagkukumpuni o Pagpapalit ng Sira o Tumutulong Linya-ng-Gilid ng Imburnal:

Maaari kang magtrabaho sa iyong sariling pribadong sistema ng imburnal, subalit, ang Lungsod ay nag-uutos na ikaw ay kumuha ng permiso upang masubaybayan ng mga tauhan sa maintenance ng wastewater ang gawain na maaaring makaapekto sa pangunahing linya at lugar ng responsibilidad ng Lungsod. Ang mga permiso ay makukuha sa;

*City of Tacoma Building and Land Use Department, 747 Market St Room 345, sa panahon ng oras ng opisina; Lunes – Biyernes 8:00 nu hanggang 5:00 nh. Tumawag sa 253-591-5030 para sa karagdagang impormasyon.*

### Paano ko malalaman kung nasaan ang aking gilid ng imburnal at kung saan ito nakakabit sa pangunahing linya ng Lungsod?

Suriin ang iyong mga plano sa bahay para sa mga lokasyon ng gilid ng imburnal o tawagan ang dating may-ari. Maaari mo ring subukang i-access ang mga talaan ng permiso na iniingatan ng; Lungsod ng Tacoma Building at Land Use Department, 253-591-5030.

Sa kasamaang palad, ang Lungsod ay may napakaunting impormasyon tungkol sa mga gusali bago ang 1950. Gayundin, kung ang nakaraang gawain sa iyong gilid-ng-imburnal ay ginawa nang walang permiso, ang lungsod ay hindi magkakaroon ng talaan nito.

## Magagamit na mga Pautang na Mababa ang Interes

Ang Lungsod ay nag-aalok ng mga pautang na mababa ang interes sa mga kwalipikadong negosyo at mga may-ari ng bahay para sa pag-aayos at pagpapalit ng linya ng serbisyo ng gilid-ng-imburnal.

*Tumawag sa* **253-502-2255** para sa karagdagang impormasyon.

## Aling Pribadong Tagapagbigay ng Serbisyo ang Tatawagan Ko?

Ang mga kumpanya ay nag-aalok ng buong hanay ng mga serbisyo kabilang ang pag-unblock, pag-aayos at pagpapalit ng mga linya o tubo, gayunpaman, ang ilan ay espesiyalista lamang sa ilang partikular na mga sangay. Tiyaking itanong kung aling mga serbisyo ang ibinibigay nila. Maaari kang magtanong sa Better Business Bureau (BBB) sa 206-431-222 o BetterBusinessBureau.org upang makahanap ng mga mapagkakatiwalaang kumpanya, at maaari ka ring magtanong sa mga kaibigan at kamag-anak para sa mga rekomendasyon. Dahil ang mga kumpanya ay nag-aalok ng malawak na hanay ng mga presyo, magandang ideya na kumuha ng hindi bababa sa tatlong nakasulat na estimate bago pumili ng kumpanya.

**Mga Serbisyo sa Rooter:** Ang mga drain cleaner o "mga rooter", ay tanggalin ang bara sa tuberyas at mga pribadong gilid ng imburnal gamit ang presyon ng tubig o mekanikal na "mga ahas". Tiyaking sapat ang haba ng kable ng ahas ng serbisyo ng rooter upang maabot mula sa iyong gilid ng imburnal hanggang sa pangunahing linya ng imburnal ng Lungsod (karaniwang matatagpuan sa ilalim ng kalye o eskinita). Ang mga kumpanya ng rooter ay maaari ring mag-ayos at/o magpalit ng mga gilid ng imburnal.

**Mga Kontratista sa Gilid ng Imburnal:** Ang mga kontratista sa gilid ng imburnal ay nagkukumpuni at/o nagpapalit ng mga problema sa istruktura tulad ng mga sira o mga butas sa mga gilid ng imburnal. Ang ilang mga kontratista ay maaari ding mag-alis ng bara ng mga linya.

**Mga Tubero:** Ang mga tubero ay nag-aayos ng mga tumutulo o sirang mga fixture at sila ay nag-i-install ng mga sistema sa bagong construction at remodeling. Kung ilan lang sa iyong mga fixture ay hindi nag-dedrain, o kung ang iyong mga tubo ay tumutulo, maaaring malutas ng tubero ang problema.

**Tumawag sa isang PRIBADONG Tagapagbigay ng Serbisyo kung…** ikaw ay mayroon mabagal na drainage o pinaghihinalaan mo ang isang bara. Ang problema ay malamang sa linya ng iyong gilid ng imburnal.

Gayunpaman, kung hindi maalis ang bara sa linya ng manggagawa at ikaw ay nagkakaproblema pa rin sa iyong sistema ng imburnal, tawagan ang Lungsod bago ka pa magkaroon ng anumang karagdagang gastos.

### Paano kung ang Problema ay Nasa Aking Pribadong Linya ng Serbisyo ng Gilid-ng-Imburnal sa loob ng Right-of-Way ng Lungsod?

Ang lahat ng aktibidad sa City Right-of-Way ay dapat gawin ng isang kontratista na lisensyado at may panagot na magtrabaho sa Lungsod ng Tacoma. Tingnan ang mga magagamit na mapagkukunan sa ilalim ng "Mga Kontratista ng Imburnal"